ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

Pahintulot na Gamitin ang mga Retrato

Para sa lahat ng retrato o produksyong audiovisual na isinusumite upang maisama sa isang taunang kasaysayan, ang may-ari ng mga retrato o produksyong audiovisual ay kukumpletuhin ang form na ito at ibibigay ito sa taong pinagtitipon ng kasaysayan.

Mga Kailangan, Kundisyon, at Kasunduan sa May-ari

Ako, ang nakalagda sa ibaba, ang gumawa at may-ari (ang "May-ari") ng mga retrato at produksyong audiovisual na tinukoy sa bahaging "Listahan ng Isinumiteng mga Retrato" sa ibaba (ang "Mga Retrato").

Sa pamamagitan nito ay ipinagkakaloob ko sa Corporation of the President of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints at mga kaanib nito (lahatang tinatawag na, "COP") ang walang bayad, pandaigdigan, walang limitasyon, hindi eksklusibo, walang katapusan, perpetuwal na lisensya at pahintulot na malayang gamitin ang Mga Retrato, pati na ang karapatang kopyahin, ipamahagi, paupahan, ipahiram, itanghal, idispley, ibrodkast, ipaalam sa publiko, baguhin, paliitin, iedit, iangkop, iakma, maghanda ng mga kopya nito, at gamitin sa anumang paraan ang Mga Retrato, lahatan man o kahit ilan lamang sa mga ito, sa anuman at lahat ng media, kahit ilan pa, at sa anuman at lahat ng paraang nalalaman ngayon o maiisip magmula ngayon, pati na ang karapatan na malayang bigyan ng lisensya ang iba na gawin ang alinman sa o lahat ng nabanggit sa itaas.

Sa buong pagpapahintulot ng batas, inaalis ko, magpakailanman at sa buong sansinukob, ang anuman at lahat ng tinatawag na "mga karapatang moral" na kinikilala ngayon o kikilanin magmula ngayon tungkol sa Mga Retrato at sa bawat isa at lahat ng bahagi niyon para sa anuman at lahat ng umiiral ngayon o iiral magmula ngayon na mga gamit, media, at/o anyo. Hinggil dito, kinikilala ko at sang-ayon ako na hindi ako tatanggap ng kredito sa o kaugnay ng paggamit ng COP sa Mga Retrato.

Ipinababatid at tinitiyak ko na ako ang orihinal na gumawa o may-ari ng Mga Retrato at hindi kinopya o hinango ang mga ito mula sa iba pang pinagmulan at na ako ay may lubos at buong karapatang ipagkaloob ang pahintulot na ito na gamitin ang Mga Retrato. Batay sa nalalaman at paniniwala ko, ang paggamit ng COP ng Mga Retrato alinsunod sa pahintulot na ito ay hindi lalabag sa mga karapatang-sipi o iba pang mga karapatan ng sinumang tao o anumang bagay na umiiral.

Tinitiyak at ipinababatid ko na nabasa ko itong Pahintulot na Gamitin ang mga Retrato at na sa paglagda sa ibaba ay ipinagkakaloob ko ang pahintulot na binabanggit dito.

Pangalan ng May-ari (i-print lamang)	Tirahan
Lagda	
Petsa	

Pahintulot ng Magulang Kung ang May-ari ng mga Retrato ay menor-de-edad, kailangang kumpletuhin ng magulang o legal na tagapag-alaga ng May-ari ang sumusunod.

Tinitiyak at ipinababatid ko, na nakalagda sa ibaba, na ako ang magulang o legal na tagapag-alaga ng batang menor-de-edad na binabanggit na May-ari sa itaas, na ako ay may lubos na karapatang isagawa itong Pahintulot na Gamitin ang mga Retrato sa ngalan ng May-ari, at na sa paglagda sa ibaba ay ipinagkakaloob ko ang pahintulot na ito sa ngalan ng May-ari.

Pangalan ng magulang o tagapag-alaga (i-print lamang)	Tirahan
Lagda	
Petsa	

Listahan ng Isinumiteng mga Retrato Nasa pahina 2 ang karugtong. Kung kukulangin ang papel, gumamit ng hiwalay na nilagdaang form.

Ang sumusunod ay listahan ng mga retrato at produksyong audiovisual na aking isinusumite.

Maikling paliwanag	Petsa	Lugar	Mga pangalan ng mga nasa retrato o produksyon

© 2011 IRI. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa USA. 7/10. 7/10
Pagsasalin ng *Permission to Use Photographs*. Tagalog. PD50026457 893

Pahintulot na Gamitin ang mga Retrato

Pangalan ng May-ari (i-print lamang)

Listahan ng Isinumiteng mga Retrato—karugtong

Maikling paliwanag	Petsa	Lugar	Mga pangalan ng mga nasa retrato o produksyon

7/10. 7/10. PD50026457 893